Republika ng Pilipinas
# Kagawaran ng Edukasyon
**Sangay ng mga Paaralan ng Benguet**

DepEd-Benguet Division
AUG 02 2022
RELEASED

29 Hulyo 2022

Memorandum Pansangay
Blg. 240 s. 2022

## MGA GAWAIN SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

Sa mga: Pandistritong Tagamasid
Punong-guro / Ulong-guro
Pandistritong Tagapag-ugnay ng Filipino (Elementarya at Sekondarya)
Mga guro ng/sa Filipino sa Elementarya at Sekondarya

1. Itinatagubilin ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 ang taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 bilang pagpapahalaga sa ating Wikang Pambansa na nagsisilbing wikang panlahat at susi sa pambansang komunikasyon, pagkakaunawaan, pagkakaisa, at pag-unlad. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay "Filipino at mga Wikang Katutubo: Kasangkapan sa Pagtuklas at Paglikha" na nagbibigay-diin sa mahalagang gampanin ng Filipino at mga katutubong wika sa heuristiko at malikhaing gamit ng wika sa iba't ibang disiplina o larangan.

2. Kaugnay nito, magkakaroon ng mga paligsahan na pinamagatang Linang-Kasanayan sa Buwan ng Wikang Pambansa na lalahukan ng mga mag-aaral sa elementarya, Junior High School, at Senior High School. Magkakaroon din ng Talakayang Pangwika na gaganapin sa Adivay Hall, SDO Benguet sa Agosto 31 na lalahukan ng mga piling kawani ng SDO Benguet at mga pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino, at mapapanood sa pamamagitan ng FB Live ng DepEd Tayo Benguet.

3. Layunin ng mga nabanggit na gawain na:
   a. malinang ang mga kasanayang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral sa pagbigkas at pagtatalumpati;
   b. maitanghal ang mga talento ng mga mag-aaral sa pagkanta; at

c. mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral at mga kawani ng Kagawaran ng Edukasyon sa Sangay ng Benguet sa mga paksang may kaugnayan sa tema ng Buwan ng Wika.

4. Kalahok sa Linang-Kasanayan sa Buwan ng Wika ang mga mag-aaral sa ating Dibisyon na may apat na pangkat: (1) Baitang 1-3 para sa pagbigkas ng tula; (2) Baitang 4-6 para sa pag-awit ng awiting makabayan; (3) Junior High School para sa isinaulong talumpati; at (4) Senior High School para sa spoken poetry.

5. Ang mga magwawagi ng unang karangalan sa pampaaralang paligsahan ang magiging lahok sa pandistritong paligsahan. Gayundin, ang mga magwawagi ng unang karangalan sa pandistritong paligsahan ang magiging lahok sa pandibisyong paligsahan na ipapasa sa pamamagitan ng link na ipapadala sa mga pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino.

6. Kalakip nito ang mga paligsahan, pamamaraan, mga alituntunin, at mga pamantayan ng mga paligsahan sa Linang-Kasanayan sa Buwan ng Wika *(Kalakip 1)* gayundin ang mga piyesa para sa pagbigkas ng tradisyonal na tula *(Kalakip 2)*, pag-awit ng makabayang awitin *(Kalakip 3)*, at spoken poetry *(Kapakip 4)*. Para sa paglilinaw, mangyaring magpadala ng mensahe sa cellphone bilang 0968-269-6391 o sa email address na norbert.lartec@deped.gov.ph

7. Para sa agarang diseminasyon at pagtalima.

**GLORIA B. BUYA-AO**
*Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan*

Kalakip: Gaya ng nakasaad

CID/IMS/rag/ncl

Address: Wangal, La Trinidad, Benguet
Telephone Number: (074) 422-6570
Email: benguet@deped.gov.ph
Facebook Page: DepEd Tayo Benguet

IYAMAN
Integrity Teach Accomplishments Modifies Advancement Nurtures Excellence
ISO 9001:2015
IAS ACCREDITED Management Systems Certification Body MSCB-153

**Kalakip 1 – Pamamaraan, mga alituntunin, at mga pamantayan ng mga paligsahan sa apat na yugto**

| LINANG-KASANAYAN SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA (Agosto 1-31, 2022) | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **KALAHOK** | **MGA TAONG KASANGKOT** | **PAMAMARAAN** | **MGA ALITUNTUNIN** | **PAMANTAYAN** |
| **YUGTO 1: Pagbigkas ng Tradisyonal na Tula**<br><br>Piyesa : Mga Gamit sa Paaralan ni Pat V. Villafuerte | Mga mag-aaral sa Baitang 1, 2, o 3 | EPS, PSDS, mga tagapag-ugnay ng Filipino, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro ng Filipino, mga ICT coordinator | 1. Magkakaroon ng pampaaralang paligsahan hanggang Setyembre 2. Ang mga magwawagi ng unang karangalan ang magiging kinatawan sa pandistritong paligsahan.<br>2. I-vi-video ang pagganap ng nagwagi sa pampaaralang paligsahan at ipapasa sa pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino hanggang Setyembre 9 para sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ipapasa ng pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino sa Filipino EPS ang nagwaging lahok sa pandistritong paligsahan hanggang Setyembre 16.<br>4. Ihahayag ang mga magwawagi sa pandibisyong lebel sa Setyembre 30. | 1. Isang piyesa lamang ang bibigkasin ng mga kalahok.<br>2. Isa lamang ang lahok ng bawat paaralan sa pandistritong paligsahan.<br>3. Isa lamang ang lahok ng bawat distrito sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Tatanggap ng premyo ang mga kalahok sa pandibisyong lebel:<br>Unang gantimpala – 3,000 piso<br>Ikalawang gantimpala – 2,000 piso<br>Ikatlong gantimpala – 1,000 piso<br>Mga hindi magwawagi – 500 piso<br>5. Tatanggap ng sertipiko ng pagkilala ang mga magwawagi ng una hanggang ikatlong gantimpala pati ang kanilang mga tagapagsanay. | 1. Pagbigkas – 30%<br>2. Pagkumpas at Paggalaw – 25%<br>3. Pagkakabisa o masteri – 20%<br>4. Kasuotan at props – 10%<br>5. Kabuong Dating – 15%<br><br>**Kabuoan – 100%** |
| **YUGTO 2: Pag-awit ng Makabayang Awitin**<br><br>Piyesa: Tagumpay Nating Lahat ni Gary Granada | Mga mag-aaral sa Baitang 4, 5, o 6 | EPS, PSDS, mga tagapag-ugnay ng Filipino, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro ng Filipino, mga ICT coordinator | 1. Magkakaroon ng pampaaralang paligsahan hanggang Setyembre 2. Ang mga magwawagi ng unang karangalan ang magiging kinatawan sa pandistritong paligsahan.<br>2. I-vi-video ang performans ng nagwagi sa pampaaralang paligsahan at ipapasa sa pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino hanggang Setyembre 9 para sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ipapasa ng pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino sa Filipino EPS ang nagwaging lahok sa pandistritong paligsahan hanggang Setyembre 16.<br>4. Ihahayag ang mga magwawagi sa pandibisyong lebel sa Setyembre 30. | 1. Isang piyesa lamang ang aawitin ng mga kalahok sa paraang acapella.<br>2. Isa lamang ang lahok ng bawat paaralan sa pandistritong paligsahan.<br>3. Isa lamang ang lahok ng bawat distrito sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Tatanggap ng premyo ang mga kalahok sa pandibisyong lebel:<br>Unang gantimpala – 3,000 piso<br>Ikalawang gantimpala – 2,000 piso<br>Ikatlong gantimpala – 1,000 piso<br>Mga hindi magwawagi – 500 piso<br>5. Tatanggap ng sertipiko ng pagkilala ang mga magwawagi ng una hanggang ikatlong gantimpala pati ang kanilang mga tagapagsanay. | 1. Kalidad ng boses – 30%<br>2. Tamang pagbigkas, melodiya at tempo – 25%<br>3. Pagkakabisa – 20%<br>4. Kompiyansa, paggalaw at kabuoang dating – 25%<br><br>**Kabuoan – 100%** |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **YUGTO 3: Isinaulong Talumpati**<br><br>*Walang ibibigay na piyesa | Mga mag-aaral sa Junior High School | EPS, PSDS, mga tagapag-ugnay ng Filipino, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro ng Filipino sa JHS, mga ICT coordinator | 1. Magkakaroon ng pampaaralang paligsahan hanggang Setyembre 2. Ang mga magwawagi ng unang karangalan ang magiging kinatawan sa pandistritong paligsahan.<br>2. I-vi-video ang pagganap ng nagwagi sa pampaaralang paligsahan at ipapasa sa pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino hanggang Setyembre 9 para sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ipapasa ng pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino sa Filipino EPS ang nagwaging lahok sa pandistritong paligsahan hanggang Setyembre 16.<br>4. Ihahayag ang mga magwawagi sa pandibisyong lebel sa Setyembre 30. | 1. Bubuo ang mga kalahok ng kanilang talumpati na kanilang isasaulo at bibigkasin sa loob ng 3-5 minuto lamang. Nakasentro dapat ang talumpati sa tema ng Buwan ng Wika 2022.<br>2. Isa lamang ang lahok ng bawat paaralan sa pandistritong paligsahan.<br>3. Isa lamang ang lahok ng bawat distrito sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Tatanggap ng premyo ang mga kalahok sa pandibisyong lebel:<br>Unang gantimpala – 3,000 piso<br>Ikalawang gantimpala – 2,000 piso<br>Ikatlong gantimpala – 1,000 piso<br>Mga hindi magwawagi – 500 piso<br>5. Tatanggap ng sertipiko ng pagkilala ang mga magwawagi ng una hanggang ikatlong gantimpala pati ang kanilang mga tagapagsanay. | 1. Bisa at kaugnayan ng nilalaman sa tema – 25%<br>2. Organisasyon at kaangkupan ng wika – 25%<br>3. Kalidad ng tinig at katatasan – 20%<br>4. Tamang bilis at paghinto – 10%<br>5. Kumpas, galaw at kabuoang dating – 15%<br>6. Pamamahala ng oras – 5%<br><br>**Kabuoan - 100%** |
| **YUGTO 4: Spoken Poetry**<br><br>Piyesa: Ipakita ang Katatagan ni G. Heintjie Dominguez | Mga mag-aaral sa SHS | EPS, PSDS, mga tagapag-ugnay ng Filipino, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro ng Filipino sa SHS, mga ICT coordinator | 1. Magkakaroon ng pampaaralang paligsahan hanggang Setyembre 2. Ang mga magwawagi ng unang karangalan ang magiging kinatawan sa pandistritong paligsahan.<br>2. I-vi-video ang pagganap ng nagwagi sa pampaaralang paligsahan at ipapasa sa pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino hanggang Setyembre 9 para sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ipapasa ng pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino sa Filipino EPS ang nagwaging lahok sa pandistritong paligsahan hanggang Setyembre 16.<br>4. Ihahayag ang mga magwawagi sa pandibisyong lebel sa Setyembre 30. | 1. Isang piyesa lamang ang bibigkasin ng mga kalahok.<br>2. Isa lamang ang lahok ng bawat paaralan sa pandistritong paligsahan.<br>3. Isa lamang ang lahok ng bawat distrito sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Tatanggap ng sertipiko ng pagkilala ang mga magwawagi ng una hanggang ikatlong gantimpala pati ang kanilang mga tagapagsanay. | 1. Pagkakabisa – 25%<br>2. Pagbigkas – 25%<br>3. Kumpas at Galaw – 25%<br>4. Props at kasuotan – 25%<br><br>**Kabuoan – 100%** |

**Kalakip 2: Piyesa para pagbigkas ng tula**

**MGA GAMIT SA PAARALAN**
*ni: Pat V. Villafuerte*

Pasukan na naman at inihanda ko
Iba-ibang gamit na bilin ni Lolo;
Ang maliit kong bag ang laman ay ano?
Lapis, papel, notbuk, krayola at baso.

May panyo at bimpo, kutsara't tinidor,
Mayroon ding pinggan at puswelong asul;
May baon ding sandwich at juice sa garapon.
Dala ko'y laruang maliit na bapor.

Sa loob ng silid, marami ding gamit
Ang aking nakita sa bawat paligid;
May puting pisara't tsart na nakasabit,
May globo at librong aming magagamit.

May gamit si titser, ito'y kanyang dala,
Makapal na libro't notbuk na maganda;
Magandang larawa'y hawak-hawak niya,
May hawak ding marker at saka pambura.

Kung kaya sa unang araw ng pasukan,
Sa isip ko'y gamit sa 'ming paaralan;
Kaya't guro't ako'y pinaghahandaan
Na makatutulong sa 'king pag-aaral.

**Kalakip 3: Piyesa para sa solo (acapella)**

**TAGUMPAY NATING LAHAT**
*ni: Gary Granada*
*https://www.youtube.com/watch?v=zk-Ym3XloeY*

Ako'y anak ng lupang hinirang
Kung saan matatagpuan
Ang timyas ng perlas ng silangan
Nagniningning sa buong kapuluan

Taglay ko ang hiwaga ng silangan
At saan mang bayan o lungsod
Maging timog, hilaga at kanluran
Ang pilipino ay namumukod

Sama-sama nating abutin
Pinakamatayog na bituin

At ang aking tagumpay
Tagumpay ng aking lahi
Tagumpay ng aking lipi
Ang tanging minimithi at hinahangad
Hangad ko'y tagumpay nating lahat

Ako ay may isang munting pangarap
Sa aking dakilang lupain
At sa sama-sama nating pagsisikap
Sama-sama ring mararating

Ang iba't ibang galaw (iba't ibang galaw)
Iisang patutunguhan
Dito isang araw, isang kapuluan

Sama-sama nating abutin
Pinakamatayog na bituin

At ang aking tagumpay
Tagumpay ng aking lahi
Tagumpay ng aking lipi
Ang tanging minimithi at hinahangad
Hangad ko'y tagumpay nating lahat
Hangad ko'y tagumpay nating lahat

**Kalakip 4: Piyesa para sa spoken poetry**

**IPAKITA ANG KATATAGAN**
*ni: Heintjie P. Dominguez*
(Piyesa para sa Spoken Poetry, Buwan ng Wika 2022)

Isa, dalawa, tatlo, apat at lima!
Mag-uumpisa ako sa ISA, isang bagong araw, bagong pag-asa,
Ngunit ang pandemya nga ba'y pag-asa ang dala?
DALAWA, at mahigit pa ang inutang na buhay nitong COVID-19,
na maraming variant na nag-iiba-iba;
TATLO, tatlong salita ang sasambitin ko..
Kumusta na kayo?

Kumusta na ang puso't isipan, lalo na sa kapwa ko estudyante riyan?
APAT, ako ay magpapakatapat, puso at isipan ko rin ay mabigat,
Dahil ang pag-aaral ay may problemang kaakibat;
Oo, alam nating lahat iyan, na sa panibagong sistema ay kailangang kumagat,
Upang kaalaman at abilidad ay maging sapat, ngunit,
LIMA, kakayanin pa kaya ng isipan at pangangatawan,
Kung sandamakmak na deadline at problema sa koneksiyon ang kalaban?

Nananatiling nakaupo at nakatitig sa kawalan,
Tila walang pumapasok na sagot sa mga katanungan,
Oo, gusto mong matuto, gustong-gusto, ngunit napakaraming distraksyon sa paligid mo,
Tahol ng aso, ingay ng kung sino, tilaok ng manok, kahit saan ka sumuot na sulok.
Nakatitig ka naman, at nakatutok, ngunit para bang sa utak mo ay walang pumapasok;
Oo, ang sarap magmukmok lamang sa isang sulok,
Dahil sa samu't saring problemang abot-bundok.

Ngunit kaibigan, BOSES ko ay pakinggan!
Ipakita ang KATATAGAN sa tuwing isipa'y naguguluhan,
at hindi alam kung sino ang tatakbuhan;
Pag-ibig ni Hesus ang panghawakan,
at tiyak na makakayanan, lahat ng problemang pagdaraanan;
Tiwala lang at ika'y Kanyang gagabayan,
IPAKITA ANG KATATAGAN!

Sa panibagong sistema'y pagtiyagaan, edukasyo'y pagsikapang makamtan;
Tiisin ang puyat at pagod na pinagdaraanan, sangkap ito ng magandang kinabukasan;
Oo, kailangan mong ipakita ang katatagan,
edukasyon ang magsisilbing sandata nang kahirapa'y mapaglabanan;
Kahit na anong balakid ang dumating, hindi magpapatinag at babangon pa rin;
Magulang ay hindi bibiguin sa pagkamit ng pangarap na inaasam natin,